PANG-LABING ANIM NA KONGRESO )
NG REPUBLIKA NG PILIPINAS )
Unang Regular na Sesyon )

Senate
Office of the Secretary

'13 OCT 10 P12:08

RECEIVED BY: 

**SENADO**

**PANUKALANG BATAS BLG. 1833**

---

Ipinanukala ni **Senador Vicente C. Sotto III**

---

**PALIWANAG**

Ang pangalan ng isang tao ay pinakamahalaga sa kanya. Ito ang kanyang pinagkakakilanlan, ito ang nagdadala ng kanyang reputasyon, ito ang ibibigay niya sa mga anak na ipagkakaloob sa kanya ng Maykapal.

Ganun din sa ating bansa. Sinasabing ang mga taga-China ay tinawag ang ating lupain na Mai. Nang tayo ay sinakop ng mga banyaga, nariyan ang tawagin tayo ng mga Kastila na Los Pintados, Islas Filipinas at ng mga Amerikano na Philippine Islands, Philippines. Ito ang mga naging pangalan natin sa mata ng iba.

Ngayon, nangangailangan ng isang pamantayan kung paano natin tatawagin ang ating sariling bansa. Mayroong nagsasaging Pilipinas, mayroong nagsasabing Filipinas.

Huli na ang lahat para pagusapan ito. Tayo ay naging Republika nuong June 12, 1898 na ang nananaig ay impluwensyang Kastila. Higit isang daang taon na tayo. Di pa ba natin alam kung ano ang itatawag natin sa ating bansa, sa ating sarili?

Panahon na upang patahimikin ang usaping ito. Patuloy ang mga ibang wika sa kanilang pagkakilala sa atin. Nguni't tayong mga Pilipino ay dapat kilala natin ang ating sarili sa ating Wikang Pilipino. Ito ay naaayon sa prinsipyong, kung ano ang bigkas, ay siyang baybay. Hindi tayo katulad ng ibang wika na may letrang walang tunog. Tayo'y mga Pilipino, at ang ating bansa ay Pilipinas.

**VICENTE C. SOTTO III**

Senate
Office of the Secretary

'13 OCT 10 P12 :08

RECEIVED BY: _

PANG-LABING ANIM NA KONGRESO )
NG REPUBLIKA NG PILIPINAS )
Unang Regular na Sesyon )

**SENADO**

**PANUKALANG BATAS BLG. 1833**

---

Ipinanukala ni **Senador Vicente C. Sotto III**

---

**ISANG BATAS**
**NA NAGTATAKDA NA ANG KATAWAGAN SA ATING BANSA AY REPUBLIKA NG PILIPINAS O SA MAIKLING SALITA AY PILIPINAS**

Mangyaring Pagtibayin ng Senado at Mababang Kapulungan ng Pilipinas na nagkakatipon sa Kongreso:

**SEKSYON 1. PAMAGAT-** Ang aktong ito ay makikilala bilang "Katawagan sa bansa bilang Republika ng Pilipinas o Pilipinas na Akto ng 2013"

**SEKSYON 2. DEKLARASYON NG PATAKARAN-** Ang Pilipinas ay isang Estadong republikano at demokratiko.

**SEKSYON 3. PAGTATAKDA NG PANGALAN NG BANSA-** Ang pangalan ng ating bansa ay itinatakda na binabaybay ng sumusunod sa Wikang Pilipino:

"REPUBLIKA NG PILIPINAS"
o sa maikling salita: PILIPINAS

**SEKSYON 4. PAGPAPATUPAD NG MGA PATAKARAN AT REGULASYON**- Sa loob ng animnapu't (60) araw mula sa pagiging epektibo ng Aktong ito, ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay magpopormula ng patakaran at regulasyon upang ipatupad ang mga layunin ng Aktong ito. Ang kabuuang pagpapakalat ng IRR sa publiko ay sisiguruhin.

**SEKSYON 5. SUGNAY NA SEPARABILIDAD**- Kung ano mang bahagi o probisyon ng Aktong ito ay napatunayang hindi balido o hindi konstitusyonal, ang ibang mga probisyon na hindi apektado ay mananatiling may pwersa at epekto.

**SEKSYON 6. UGNAY NA PAGPAPAWALANG BISA**- Ang lahat ng batas, atas, kautusan, mga inisyu, patakaran at regulasyon na hindi umaayon sa mga probisyon ng Aktong ito ay pinapawalang bisa, inaamiyendahan o binabago.

**SEKSYON 7. PAGIGING EPEKTIBO**- Ang Aktong ito ay magiging epektibo sa labinlimang(15) araw pagkatapos ng paglilimbag nito sa hindi bababa sa dalawang(2) mga diyaryo ng pangkalahatang sirkulasyon.

Pinagtibay,